# Tourism Summit isinagawa sa lalawigan

Ang Lalawigan ng Camarines Norte ay unti-unti nang nakikilala sa iba't-ibang panig ng bansa at magpasalabas ng bansa man dahil sa mga po-tensyal na lugar-panturismo nito.

Nangunguna rito ang *Bagasbas Beach* na dinarayo ng mga bakasyonista at turista dahil sa malalaki at matataas na alon nito na angkop na angkop para sa *surfing* at *kite boarding*, at mga iba

(Sundan sa pahina 3)



*Edgardo 'Boy' Reyes*
*Prov'l Tourism Officer Designate*

OFFICIAL SEAL · PROVINCE OF CAMARINES NORTE

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com



*Ang mga lumahok sa isinagawang Tourism Summit kasama ang mga trainors mula sa Department of Tourism at National Commission for the Culture and the Arts gayundin ang ilang Provincial Tourism Office staff.*






***LORNA A. CORESES***
***Provincial Treasurer***



***ANNABEL DEFEO***
***Provincial Assessor***

Ipinagkaloob kamakailan ng *Department of Finance-Bureau of Local Government Finance (DOF-BLGF)* kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang *certificate of achievement* dahil sa naitalang mataas na koleksyon ng buwis ng pamahalaang panlalawigan mula sa mga lokal na pinagkukunan *(local resources)* nito. Ang naturang sertipiko ay tinanggap ni Engr. Gerry G. Quiñones, *Executive Assistant IV* bilang kinatawan ng gobernador.

Ito ay sa *awarding ceremonies* na isinagawa noong Pebrero 3, 2009 sa *Sorsogon Provincial Gymnasium, Sorsogon City* sa okasyon ng *1st Quarter Conference of the Regional Association of Treasurers and Assessors*


(Sundan sa pahina 9)

**nasa loob**
EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7
Salamat Gob HELP column p 2

# CNorte nagtala ng P107.29-M koleksyon sa buwis

## pangalawa sa 2nd class provinces sa bansa batay sa locally resource income nito

# Camarines Norte kaisa sa pambansang kampanya sa pagsugpo sa sakit na TB



**Dr. Arnulfo Salagoste**
Provincial Health Officer

Ang pagkakaroon ng sakit sa baga o tuberculosis *(TB)* ay malaking alalahanin at gastusin hindi lamang para sa pamilya ng pasyente kundi sa pamahalaan man.

Tinatayang ang 80% na mga maysakit nito ay nasa pinakaproduktibong panahon ng kanilang buhay ngunit dahil sa malaking gastusin sa pagpapagamot ay nasasadlak sa kahirapan ang pamilya.

Ilan naman sa mga tinukoy na dahilan sa patuloy na pagdami ng nagkakasakit ng *TB* ay ang mga sumusunod: kawalang-prayoridad ng mga bansa sa pagsugpo sa naturang sakit; kakulangan/kawalan ng mga gamot kontra sa *TB*; kawalan ng sapat na *laboratory networking*; at, kawalan ng maayos at angkop na pasilidad gayundin ang kakulangan ng mga *trained health personnel*.

Dahil dito, mas pinaigting ng *Department of Health (DOH)* ang *anti-tuberculosis program* sa buong bansa sa pamamagitan ng mga kinauukulang sangay nito.

Susog dito, patuloy na itinataguyod ng pamahalaang panlalawigan ang naturang programang pangkalusugan sa pamamagitan ng *Provincial Health Office (PHO)* na pinamumunuan ni Dr. Arnulfo G. Salagoste, *provincial health officer*.

Ipinahayag din ka-

(Sundan sa pahina 6)

# Dalawang e-impact schools sa lalawigan recipients ng water supply project mula sa UNICEF



**Arch. Madonna Abular**
Prov'l Plng. & Dev. Officer

Dalawang mababang paaralan sa lalawigan ng Camarines Norte ang naging mapapalad na *recipients* ng *water supply project* bilang tugon ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)* sa nauna na nilang kahilingan.


Ang mga paaralang ito ay ang Pag-asa *Elementary School (PES)* sa Brgy. Pag-Asa sa bayan ng Jose Panganiban, at; Menandro Guinto *Elementary School (MGES)* na nasa Purok 5, Brgy. Sto. Domingo, Vinzons.

Sa pamamagitan nito, matatapos na ang matagal na nilang suliranin sa kawalan ng mapagkukunan ng ligtas na inuming-tubig para sa mga mag-aaral gayundin ang komunidad sa paligid nito.

Naging basehan sa pagpili ng *beneficiary schools* ang pagiging kabilang ng nabanggit na mga paaralan sa *e-Enhanced Instructional Management by Parents, Community and Teachers (e-IMPACT)* na *multi-grade*, may maayos na kalsada, *low-performing*, at may mataas na porsyento ng mga kabahayan na walang pinagkukunan ng inuming-tubig.

Kaugnay nito, ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* ay gumawa ng *project proposal* para sa paglalagay ng koneksyon ng linya ng tubig ng *Camarines Norte Water District (CNWD)* sa *MGES.* Samantalang maglala-

(Sundan sa pahina 3)




## Salamat Gob HELP column

**Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Feb. | 4 | Cresencio A. Gerola, President of CANAEA for the Induction of the newly elected officers | P2,000.00 |
| | 9 | Elias B. Arciga, Jr. of Databyte Computer College for his tuition fee | 2,000.00 |
| | | Amy P. Sablaon of CNSC for her tuition fee | 2,000.00 |
| | | Jennifer Yarte of CNSC for her tuition fee | 2,000.00 |
| | | Alberto Parale of Brgy. Calabasa, Capalonga for traveling expenses | 2,000.00 |
| | | Blesilda Nava of Mabini Colleges for her tuition fee | 2,929.10 |
| | 13 | Marie Antonnete Remot of Mabini Colleges for her tuition fee | 3,621.00 |
| | | PB Ismael Talento of Brgy. San Isidro, Daet for the coronation of Ms. Valentine 2009 and Mass Induction of Newly Elected Purok Officers | 1,000.00 |
| | | Victor V. Pardo, President-Kabalikat Bicol, Labo Chapter for the Oath Taking Ceremony | 3,000.00 |
| | | Lusito G. Bobis, GPTCA President of San Vicente Parochial School, Inc., San Vicente for the construction of concrete benches | 10,000.00 |
| | 15 | Delia N. Raro of Our Lady of Lourdes College Foundation for their Foundation Anniversary | 2,000.00 |
| | 18 | Heide C. Hernandez, Solicitation Chairman of the Parish of Divine Mercy for the Passion Play (Sinakulo ng Awa 2009) | 5,000.00 |
| | | Jose T. Seeping, Jr. of Brgy. Lag-on, Daet for dialysis at the Homodialysis Center in Naga City | 10,000.00 |
| | 20 | Erlinda Lafuerte of Brgy. 5, Daet | 500.00 |
| | | Rene G. Zantua of La Concolacion College of Daet Minorretes/Drum & Lyre Corps Parents' Organization | 15,000.00 |
| | | Emilyn Marqueses of the Federation of Senior Citizens Assn. of the Philippines (FSCAP) for their Valentine's Party | 1,000.00 |
| | 27 | Janice Tabirao, Brgy. Sta. Milagrosa, Jose Panganiban for medical assistance | 1,000.00 |
| | | **TOTAL** | **P65,050.10** |

# Panalo ni Carreon ng MC at PGSP kinilala ng Sangguniang Panlalawigan



*Mark Jonas S. Carreon*

Sa bisa ng Resolusyon Blg. 044-2009, kinilala ng Sangguniang Panlalawigan ang kara-ngalang iniuwi ni Mark Jonas S. Carreon sa Lalawigan ng Camarines Norte nang makuha nito ang ikalimang puwesto sa *Sports Writing Contest-English Category* na bahagi ng *8th Luzonwide Higher Education Press Conference*.

Ito ay isinagawa noong Pebrero 11-14, 2009 sa Puerto Princesa City, Palawan at nakatuon sa temang, *"Campus Journalists: Making a Difference for the Environment."*

Si Carreon na nasa ika-apat na taon na sa kursong *Bachelor of Science in Accountancy (BSA)* sa *Mabini Colleges -Daet* ay iskolar din ng *Provincial Go-vernment Scholarship Program (PGSP)* na ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan. Matatandaan na si Carreon din ang nanguna sa *PGSP competitive and qualifying examination* noong Mayo 2005.

Sa ginanap namang *Regional Tertiary Schools Press Conference* sa Virac, Catanduanes noong Enero 6-10, 2009 nakuha ni Carreon ang unang puwesto sa kategoryang *Photo Journalism (Filipino)* at ika-apat na puwesto sa *Sports-writing (English)*.

Samantala, nakasaad din sa resolusyon na iniakda ni Bokal Jonah G. Pimentel na ang mga karangalang nakamit ni Carreon ay nagdala ng karangalan hindi lamang dito at sa kanyang pamilya kundi maging sa *Mabini Colleges*, at higit sa lahat sa ating lalawigan. Bibigyan din ng kopya ng naturang resolusyon ang *Mabini Colleges, Department of Education Camarines Norte*, at lahat na mga kinauukulan, para sa kanilang impormasyon at tala *(record)*. ***LT IBASCO***

# Phase-out ng ozone depleting substances tinalakay sa pagpupulong ng RICN

Dumalo sa pulong ng *Regional Information Centers and Network (RICN)* si Gonzalo C. Binay ng *Ecosystem and Environmental Resources Management Division – Office of the Governor (EERMD-GO)* na ginanap *sa Casabalanca Hotel, Legaspi City* noong Pebrero 5, 2009.

Pinamahalaan ng *Environmental Management Bureau –Philippine Ozone Desk (EMB-POD)* ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR), Region V*, ang pulong na dinaluhan ng mga kinatawan mula sa iba't-ibang ahensya ng gobyerno, lokal na pamahalaan at *non-government organizations (NGOs)* mula sa iba't-ibang lalawigan sa buong Rehiyong Bikol. Layunin ng pulong na mapanatiling buo at buhay ang *RICN* at makahikayat ng iba pa upang maging kasapi nito.

Ang *RICN* ay isang grupo ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaan at *non-government organizations* sa Bikol na nangakong tutulong sa pangangalaga sa *ozone layer*. Ito ay sa pamamagitan ng iba't-ibang *advocacy programs* nito para sa *phase out* ng *ozone depleting substances (ODS)* tulad ng *chlorofloucarbon (CFC), halons* at iba pa.

Sa isang simpleng programa, ipinaliwanag ng mga opisyales ng *EMB-POD* ang kasalukuyang batas tungkol sa *ODS* at ang mga nagawa nito sa pagpapatupad ng programang may kinalaman sa pangangalaga sa *'ozone'* at kampanya tungkol sa *ODS*.

Bilang bahagi ng idinaos na pulong bago ang pagtatapos nito, ang mga dumalo ay gumawa ng kanya-kanyang plano *(Local Awareness Program)* na pawang nakatuon sa paghahatid ng mga impormasyon sa publiko tungkol sa pangangalaga sa *ozone layer* na ipatutupad ng kanikanilang tanggapan ngayong taong 2009. ***GONZALO C. BINAY***

# Dalawang e-impact schools...

**(*Mula sa pahina* 2)**

gay naman ng *hand-pump* at tangke ng tubig sa *Pag-asa Elementary School*.

Ang naturang proyekto na magkatuwang na isinasagawa ng *UNICEF* at ng Pamahalaang Panlalawigan ay may layuning mapanatili at mapag-ibayo ang antas ng kalinisan at kalusugan sa hanay ng mga kabataan sa lalawigan. Isinusulong din ito ng *UNICEF* sa iba't-ibang panig ng bansa.


Sa kasalukuyan, natapos na ang proyekto sa *M. Guinto Elementary School* na may kabuuang halaga na P162,000.00. Nalagyan na ito ng linya ng tubig ng *CNWD* kaya mayroon na itong sapat na suplay ng inuming-tubig at panlinis sa pasilidad ng paaralan partikular na sa kubeta. Kabilang din sa proyekto ang pagsasaayos ng mga palikuran at *septic tank* sa paaralan at paglalagay ng lababo (*lavatory)* sa mga silid-aralan.

Magkatuwang ding pinunduhan ng *UNICEF* at Pamahalaang Panlalawigan ang paglalagay ng *hand pump with elevated water tank* sa Pag-asa *Elementary School* na umabot sa halagang P236, 000.00.

Layunin ng nabanggit na proyekto na magkaroon ng malinis at ligtas na inuming-tubig ang mga kabataan sa naturang komunidad. Kabilang din sa adhikain nito na mapag-ibayo ang kalinisan at kalusugan ng mga residente sa naturang barangay lalo na ang mga kabataan.

Layunin din nito na maiwasan ang insidente ng mga *water-borne diseases*, at maiangat ang antas ng kalinisan ng mga residente sa paligid ng paaralan lalo na ang mga mag-aaral nito.

Ang dalawang (2) nabanggit na proyekto ay isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Engineering Office (PEO)* at sa pakikipagtulungan ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* at sangay ng *Department of Education (DepEd)* dito. ***(AMY LOPEZ, PPDO)***



***Sa nalalapit na kapistahan ng Labo, Camarines Norte, sa Mayo 6, 2009 muling itatanghal ang Busig-on Festival na isang napakalaking pagdiriwang upang pasayahin ang bayang ito sa loob ng isang linggo. Inaanyayahan po ang lahat na makisaya.***

# Tourism...

**(*Mula sa pahina* 1)**

pang *water sports*.

Upang mas mapabuti pa ang turismo sa atin, isinagawa kamakailan ng pamahalaang panlalawigan ang isang *tourism summit* na pinangasiwaan ng *Provincial Tourism Division – Office of the Governor* na pinamumunuan ni *Provincial Tourism Officer Designate* Edgardo 'Boy' Reyes.

Tinalakay rito ang mga plano at istratehiyang isasagawa para mapaigting ang kampanyang panturismo ng lalawigan. Nagpalitan din dito ng mga kuru-kuro at ideya, at nagbigay ng rekomendasyon ang mga dumalo kaugnay ng naturang usapin. Inaasahan din na ang mga kinauukulang *front liners* ay makatutulong para mapaigting at mas mapaunlad pa ang industriya ng turismo rito.

Sinabi rin ni Reyes na ang Camarines Norte ay mayroong mga *white beaches* na ang pino at puting buhangin ay maihahalintulad sa Boracay *Island*. Pinakapopular dito ang Calaguas *Group of Islands* na ang ilalim ng karagatan ay ideyal para sa *scuba diving* gayundin sa mga nais makakita ng naggagandahang korales at iba't-ibang uri ng isda.

Patuloy namang sinusuportahan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang mga inisyatibong panturismo sapagkat naniniwala ito na ang maunlad na industriya ng turismo ay maghahatid ng mas maraming negosyo at hanapbuhay sa mga mamamayan, at; karagdagang kita para sa mga pamahalaang lokal mula sa mga makokolektang buwis.- ***R.B. MANLANGIT, PIA CNorte/LT IBASCO***




# EDITORYAL

## UGALING PINOY?

Sa kabila ng pagkakaroon ng mga kahanga-hangang galing ng Pinoy, may mga bagay na dapat nitong baguhin. Marami sa Pinoy ang mahilig magreklamo tungkol sa mga problema kapag sila ay direktang apektado nito. Malimit ibinubunton sa pamahalaan ang sisi at kinakalampag, para sa direkta at agarang solusyon sa mga ito.

Pangkaraniwan nang masasaksihan ito sa "Citizen's Patrol", isang bahagi ng programa sa telebisyon. Halimbawa ay ang pagbabara ng pampublikong palikuran at mga kanal, pagkalat at pagtambak ng basura sa mga pampublikong lugar, paglaganap ng mga iba't ibang sakit, pagbaha, pag-init, kakulangan ng pagkain at samu't saring reklamo na kung tutuusin, bawa't isa sa atin ang may kinalaman, partisipasyon at magagawa rito.

Bakit hindi tayo mismo ang kumilos sa mga problemang tayo naman ang lumikha? Bakit kinakailangan pa nating iasa sa gobyerno ang paglilinis ng ating mga kalat na alam naman nating pamumugaran at magiging sanhi ng paglaganap ng sakit? ng pagbaha? pagsusunog ng plastic, goma, styrofoam at mga katulad nito na sanhi ng pag-init ng mundo?

Tunay na kawalan lang ng disiplina at katamaran ang ugat ng lahat nang ito! Problema ang ating idinulot, dapat lang pagdusahan natin! Kung nais natin ng pagbabago, simulan ito sa ating sarili! Ika nga ni Mahatma Gandhi: *"You must be the change you wish to see in the world"*.

# "Show for a cause" para sa CNPJ inmates isinagawa

## *halagang malilikom ilalaan sa kanilang uniporme at proyektong pangkabuhayan*

Itinuturing ng pamahalaang panlalawigan na ang mga detenido sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* ay mga karaniwang mamamayan na dapat ding pagkalooban ng pamahalaan ng mga serbisyo at pribilehiyo.

Kaugnay nito, isinagawa rito ang *Show for a Cause* noong Pebrero 12 sa ganap na ika-3 ng hapon sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural (CNASCC).*

Pinangasiwaan ito ng *Provincial Custodial and Security Services Division (PCSSD)* na pinamumunuan ni *Provincial Warden* at Ret. Col. Ramon P. Dominguez.

Ang malilikom na halaga mula rito ay gagamitin sa pagbili ng 3 *sets* na uniporme ng mga detenido, at pantustos sa kanilang proyektong pangkabuhayan.

Kabilang sa mga nagtanghal sa naturang programa ang *Camarines Norte State College (CNSC) Band, After Six Band, Royal Family Band,* Alex Rivera *Acoustic Band* gayundin ang ilang piling detenido na nakiisa naman sa pag-awit at pagtugtog ng *Databyte Band.*

Nagbigay naman ng pang-aliw na bilang ang mga mag-aaral ng Vicente Basit *Memorial High School, Alawihao High School, St. Francis Parochial School, Philippine Women's University (PWU),* at *Our Lady of Lourdes College Foundation (OLLCF).*

Nagpaunlak din ng *surprise number* ang *Camarines Norte Teachers' Association (CNTA),* at ang *La Consolacion College of Daet (LCCD).*

Isinagawa rin sa pagitan ng mga pagtatanghal ang mga *raffle draws.* Matatandaan din na una nang pinaalalahan ang lahat na manonood na itago ang kanilang mga tiket para magkaroon nang mas malaking tsansang manalo rito ng iba't-ibang papremyo.

Pinasalamatan naman ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang lahat na tumangkilik sa naturang *Show for a Cause* na isinagawa para makakalap ng pondo para maisagawa ang mga proyekto para sa kapakanan ng mga detenido sa *CNPJ.* ***LT IBASCO***









*Ang show-for-a cause na isinagawa ng mga provincial inmates ng Camarines Norte Provincial Jail na nagtampok sa iba't-ibang talento ng mga detenido sa naturang piitan. Ito ay isinagawa sa Camarines Norte Agro Sports Center at nagtampok din sa iba't-ibang mga produktong ginawa ng mga ito tulad ng lampshades, picture frames at iba pang mga decorative items.*

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL
BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

**EDITORIAL BOARD:** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/ design .

**REPORTERS:** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION** - Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O. —Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.



# Anibersaryo ng kapanganakan, kabayanihan ni JOMAPA ginunita

Ang Lalawigan ng Camarines Norte ay nakatala sa dahon ng kasaysayan ng Pilipinas dahil dito isi-nilang ang ilang mga personahe o indibidwal na nagpakita ng katangi-tanging katapangan at kabayanihan sa pakikipaglaban sa mga dayuhang sumakop sa ating bansa.

Kabilang dito si Jose Maria Enverga Panganiban o JOMAPA na ipinanganak noong Pebrero 1, 1863 ay ginugunita ng Lalawigan ng Camarines Norte. Siya ang panganay sa tatlong (3) anak na lalaki nina Vicente Panganiban ng Hagonoy, Bulacan at Juana Enverga na mula sa Mauban, Tayabas (ngayon ay Quezon).

Ipinagdiwang dito ang ika-146 anibersaryo ng kanyang kapanganakan noong Pebrero 1, 2009 sa pamamagitan ng angkop na aktibidad na isinagawa ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD)*.

Pinakatampok dito ang *lecture forum* ukol sa makulay na buhay ni JOMAPA na tinaguriang *"El Vengador del Honor Filipino"* o *"Avenger of Filipino Honor"*.

Layunin nito na maipabatid sa mga kabataan na katulad ng ating bayaning si Gat Dr. Jose P. Rizal, si JOMAPA o JMP ay lumaban sa pamahalaang Kastila sa pamamagitan ng kanyang mga panulat. Umanib siya sa mga organisasyong katulad ng *Asociacion Hispano-Filipino* at *La Solidaridad* na pawang naghahangad na magkaroon ng reporma sa Pilipinas.

Una rito, siya ay kumuha ng kursong medikal sa *University of Sto. Tomas (UST)* kasabay ng pagkuha ng kursong bokasyonal sa agrikultura sa San Juan de Letran noong 1885 kung saan ginawaran siya ng titulong *Agricultural Expert*.

Sumali rin siya sa mga *literary scientific contests* sa *UST* kung saan noong 1885 ay nakuha niya ang ikalawang puwesto. Noong 1887, napanalunan niya ang unang premyo sa tatlong (3) panulat niya ukol sa *General Pathology, Therapeutics* at *Surgical Anatomy*. Ito ay pawang ipinalimbag ng rektor ng *UST* na si Fr. Gregorio Echevarria at idinispley sa *Exposition of 1887* na ginanap sa Madrid, Espanya.

Si JOMAPA ay nagtungo sa bansang Espanya noong Mayo 1888, upang ipagpatuloy ang pag-aaral ng medisina sa *Universtiy of Barcelona* kung saan nakadaupang-palad niya ang ilang estudyanteng Pilipino. Nang maakit siyang sumapi sa propaganda *movement*, kinalimutan niya ang pangarap na maging dok-

*(Sundan sa pahina 8)*



*Pinangunahan ni dating Gobernador Roy A. Padilla Sr. Ang pagsalubong sa pagdating ng mga labi ni JOMAPA sa bansa. Ang mga labi ni JOMAPA ngayon ay nakalagak sa bayan ng Mambulao ngayon ay Jose Panganiban na ipinangalan sa kanya.*



# Ika-149 aniversaryo ng kapanganakan ni Hen. Vicente Rilles Lukban ipinagdiwang dito

Ipinagdiwang ng Lalawigan ng Camarines Norte noong Pebrero 11 ang ika-149 anibersaryo ng kapanganakan ng isa sa mga bayani nito na si dating Heneral Vicente Rilles Lukban na nagmula sa bayan ng Labo.

Una rito, ipinalabas ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2009-03 na nag-aatas sa 12 pamahalaang bayan dito na makiisa sa nabanggit na selebrasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga angkop na aktibidad kaugnay nito.

Inatasan din nito ang lahat na mga pamahalaang lokal at nasyonal na magbigay ng aktibong suporta at kooperasyon para matiyak ang tagumpay ng nabanggit na panlalawigang okasyon.

Ang naturang kaatasan ay susog sa *Executive Order 1161* ni dating Pangulong Fidel V. Ramos na nagdeklara sa ika-11 ng Pebrero ng bawat taon bilang paggunita sa kapanganakan ng naturang bayani.

Kaugnay nito, ang *lecture-forum* ukol sa buhay ni Heneral Lukban ay isinagawa ng pamahalaang panlalawigan sa ilang piling paaralang sekondarya sa lalawigan.

Ito ay pinangasiwaan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division-Office of the Governor (MASCD-G.O.)* na pinamumunuan ni Abel C. Icatlo bilang *Museum Curator I.*

Layunin ng naturang aktibidad na maipabatid at maitimo sa isipan ng mga kabataan ngayon ang naging kontribusyon ni Heneral Lukban upang makamit natin ang kalayaan mula sa mga mananakop na mga dayuhang Kastila at Amerikano.

Matatandaan na itinatag ni Lukban ang *La Cooperativa Popular* noong 1886 sa layuning mapataas ang kita ng mga maliliit na magsasaka sa pamamagitan ng pagbebenta ng kanilang mga ani na hindi dumaraan sa mga *middlemen* o ahente. Ang bahagi naman ng kita ng kooperatiba ay palihim nilang ibinibigay sa rebolusyonaryong organisasyon ni Andres Bonifacio. Tumutulong din ang kooperatiba sa pagpapalaganap ng ideyalismong rebolusyonaryo.

Noong 1896, nagsilbi siyang emisaryo ng yunit ng Katipunan sa Rehiyong Bikol at nangalap ng mga impormasyon ukol sa mga pagkilos ng mga tropang Kastila sa Maynila at tukuyin kung paano ito makaaapekto sa mga lalawigan sa Bikol.

*(Sundan sa pahina 9)*



# Proyektong "Discipline for Change of Prisoners"

## inilunsad ng CNPJ, iba pang programa nito inilahad



Col. Ramon Dominguez (Ret.)
Provincial Garden

Inilunsad ni *Provincial Warden* Ramon P. Dominguez noong Enero 2009 ang programang *"Discipline for Change of Prisoners"* para sa mga detenido sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)*.

Nakapaloob dito ang pagdisiplina ng mga detenido sa kani-kaniyang sarili na kahalintulad ng angkop na pagkilos sa isang tahanan. Dapat din na ituring nila ang isa't-isa bilang magkakapatid at maiwasan ang pag-aawayan. Ang mga bagong detenido sa panahon ni Col. Ramon P. Dominguez ang mga gumaganap dito kung saan sila ang magiging gabay *(guide)* ng mga datihang detenido.

Unang isasagawa rito ang *marching* at *drill* bilang rehabilitasyon sa mga detenido. Nakapaloob din dito ang pagbabawal sa kanila na magpalagay ng *tattoo* upang sa paglaya nila ay hindi sila kakitaan ng tatak ng pagkakakulong at muli silang pagtiwalaan ng lipunan at makahanap sila ng disenteng trabaho.

Kabilang din sa prog-rama ang pagtuturo sa mga detenido ng iba't-ibang paraan para maiwaksi at mabago ang mga maling gawain at dating nakagawian nila.

Inilunsad din dito ang *"Health Program"* na pinangangasiwaan ng *CNPJ Rehabilitation Section* sa pangunguna ni *Chief* Randy Sayno. Sila ay tinuturuan ng iba't-ibang aktibidades ng mga estudyante ng Landas na magtatapos ng kursong *Criminology*. Natutuhan din nila rito ang mga karaniwang sakit na maaari nilang makuha sa loob ng kulungan at paano makaiiwas dito.

Itinuturo rin sa mga detenido ang pagbibigay-galang sa mga opisyales, guwardiya at em-pleyado ng CNPJ at iba pang mga bisita bilang pagrespeto sa mga nakatataas at iba pang taong pumupunta sa *CNPJ*. Ang mga aktibidades at programang ito ay pinamamahalaan ng *Intelligence and Investigation Section Chief* na si *SG III* Manuelito "Boyet" Florendo.

Samantala, noong ika-16 ng Enero, 2009 ay nagkaroon din ng *dental services* sa *CNPJ* ang *Rehabilitaion Section* sa pamumuno ni *Chief PGII* Randy Sayno Ipinagkaloob ang naturang serbisyo hindi lang sa mga detenido kundi pati na rin sa kanilang pamilya. Umabot sa 25 katao ang nabigyan ng libreng bunot ng ngipin.

Ang *Prison Deterrence Education Program* o *"Life Decision Program"* ay idinisenyo nang masipag na *Provincial Warden* na si Ramon P. Dominguez. Ilan sa mga gawaing ipinatupad kaugnay nito ay ang *Symposium* na isinagawa sa Alawihao *National High School* noong Enero 28, 2009, sa Moreno *National High School* noong Enero 29, at; sa Basud *National High School* noong Pebrero 5, 2009. Hindi naman bumababa sa 400 na estudyante at mga guro ang dumadalo rito. Sa ika-3 naman ng Marso ay isasagawa nito ang kahalintulad na *symposium* sa San Lorenzo *National High School*.

Nakapaloob din sa naturang mga *symposia* ang malayang talakayan at pagbibigay ng reaksyon ng mga kalahok. Sa pangkalahatan, maganda at positibo ang naging resulta ng naturang aktbidad.

Mapupuna rin na ang iba't-ibang paaralan sa lalawigan ay sunud-sunod nang nakikipag-ugnayan sa CNPJ para maisagawa rin ang katulad na *symposium* sa kanilang nasasakupan. Ang naturang programa ay ipagpapatuloy hangga't ito ay itinatangkilik ng mga mamamayan ng Camarines Norte.

Masuwerte rin tayo dahil *pilot project* ito nina Gob. Jesus O. Typoco, Jr. at *Provincial Warden* Dominguez na kauna-unahang naisagawa rito sa ating lalawigan.

Ayon naman kay *General* Oscar Calderon, kasalukuyang direktor ng *National Bilibid Prison (NBP)*, kung sakaling magiging maganda at maayos ang resulta ng nabanggit na programa, ipatutupad din niya ito sa iba pang probinsya sa bansa.

Ang pagbisita naman ng mga paaralan at iba pang organisasyon sa panlalawigang piitan ay patuloy na pinahihintulutan ng pamunuan ng *CNPJ* sa pamumuno ni *Warden* Dominguez. ***MATILDE MANAMPAN***

# Pagpapataas sa produksyon ng palay pinag-iibayo pa ng OPAg



*FRANCIA C. PAJARES*
*OIC-Prov'l. Agri. Officer*

Sa layuning maitaas ang kita at maragdagan ang produksyon ng palay ng ating mga magsasaka, ang Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ay masusing nakipag-ugnayan sa Kagawaran ng Pagsasaka, Rehiyon V upang makapamahagi ng libreng sertipikadong binhi ng palay.

Ang pamamahagi ng nasabing sertipikadong binhi ng palay sa mga magsasaka ay ipinatutupad ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* sa pakikipagtulungan sa mga *Municipal Agricultural Officers/Municipal Agriculturist* ng 12 bayan ng Camarines Norte.

Ayon sa *Provincial GMA-Rice Coordinator* at OIC ng *OPAg* na si Francia C. Pajares, ngayong panahon ng Tambay (Nobyembre 2008 hanggang Abril 2009), may kabuuang 9,604 na sako ng sertipikadong binhing palay ang naipamigay sa mga magsasaka sa buong lalawigan. Naitanim ito sa humigit-kumulang 9,604 na ektarya ng palayan.

Samantala, dahil sa kakulangan ng suplay ng sertipikadong binhi ng palay mula sa mga *seedgrowers* sa ating lalawigan, tayo ay umangkat pa ng may 6,170 sakong binhi ng palay mula sa Roxas, Isabela, Pangasinan at Nueva Ecija para lamang matugunan ang pangangailangan ng mga magsasaka rito.

Maliban dito, ang Pamahalaang Panlalawigan sa pangunguna ni Gob. Typoco, Jr. ay namigay rin ng libreng *bio-organic fertilizers (bio-con)* upang higit pang mapataas ang ani ng ating mga magsasaka. Umabot sa 13,888 na pakete ng *bio-organic* ang naipamahagi at patuloy na ipinamamahagi sa mga magsasaka.

Patuloy pa ring sinisikap ng Pamahalaang Panlalawigan na mapanumbalik ang serbisyo ng mga dating depektibong *Communal Irrigation System (CIS)*.

Sa katunayan, noong taong 2008, tatlong (3) *CIS* ang pinondohan ng pamahalaang panlalawigan at ngayong 2009 ay dalawa (2) namang *CIS* ang isasaayos. Dahil dito, positibo ang pamahalaang panlalawigan na tataas ang produksyon ng palay at mas malaki ang kikitain ng mga magsasaka. ***FRANCIA C. PAJARES***

# CNorte ...

***(Mula sa pahina 2)***

makailan ni Dr. Salagoste na 84% ng mga maysakit na *TB* sa lalawigan ang napagaling na. Aniya, patuloy pa rin silang nagbibigay ng libreng gamot sa mga maysakit hanggang maabot ang kanilang 100% *target*.

Ang mga hinihinala namang maysakit na *TB* ay pinapayuhang magtungo sa pinakamalapit na *rural health units (RHUs)* sa kanilang lugar para sa kaukulang konsultasyon at maipaliwanag sa kanila ang proseso ng gamutan.

Idinagdag pa ni Dr. Salagoste na ang mga gamot ay galing sa DOH, pamahalaang panlalawigan at sa mga kaukulang pamahalaang bayan. ***(RBMANLANGIT, PIA CNORTE/LT IBASCO)***

# Mga piling larawan

1




*1) Ang plake na ipinagkaloob ng Bureau of Local Government Finance ng Region V, Legazpi City kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. bilang pagkilala sa kanyang outstanding accomplishments na nagbigay sa lalawigan ng Camarines Norte ng ikalawang puwesto sa mga Top Ten 2nd Class provinces sa buong bansa base sa koleksyon mula sa lokal na kita nito para sa taong 2006 na nagkakahalagang P107,290,255.00. Ito ay iginawad sa Sorsogon City kaalinsabay ng 1st Qtr. Conference of the Regional Association of Treasurers and Assessors (REGATA) Region V; 2) Ang mga trainors mula Department of Tourism at NCAA nang kanilang i-unveil ang official logo na gagamitin ngayong taon para sa selebrasyon ng 5th Bantayog Festival ng lalawigan; 3) Ang pagdalaw ni INA o Nuestra Señora de Peñafrancia sa lalawigan kaugnay ng pagdiriwang ng ika-300 taong anibersaryo nito. Ang mahal na Ina ay lilibot sa iba't-ibang parokya rito sa Camarines Norte hanggang buwan ng Hunyo 2009; 4) Ang Provincial Tourism Officer Designate na si Edgardo Reyes habang ipinaaabot ang mensahe ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa mga lumahok sa isinagawang Tourism Summit sa AVR ng kapitolyo; 5) Ang produkto ng Tourism Summit ay ang logo ng Bantayog Festival na ideya ng mga lumahok sa naturang aktibidad na siyang gagamitin sa isasagawang selebrasyon ng 5th Bantayog Festival ngayong Abril na sentro pa rin ang iba't-ibang mahahalagang lugar at atraksyon ng lalawigan.*

2




3




4




5



# Konstruksyon ng 30 kabahayan sa Basud at San Vicente sinimulan na

# P2.1-M inilaan ng DSWD



**RD Remia T. Tapispisan**
**DSWD RO 5**

Pinangunahan ni Tess Quismorio, *social welfare officer II* ng *Department of Social Welfare and Development Regional Office 5 (DSWD RO5)* ang pagkakaloob ng tsekeng nagkakahalaga ng tig-P70,000.00 sa 30 benepisyaryo ng *Core Shelter Assistance Project (CSAP)*; 12 mula sa bayan ng Basud, at 18 mula sa mga barangay ng Calabagas at Cabanbanan sa bayan ng San Vicente.

Una rito, pinangasiwaan din ni Quismorio ang *orientation on CSAP* na isinagawa kamakailan sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd floor annex, Provincial Capitol,* Daet.

Dumalo rin at nagbigay ng kani-kaniyang mensahe rito sina Lorna C. de Claro, *provincial social welfare and development officer*; *Vice Mayor* Isagani Arciga ng bayan ng Basud, at Konsehal Nestor Gonzales ng San Vicente.

Sa kabuuan, umabot sa Dalawang Milyon at Isandaang Libong Piso (P2,100,000.00) ang naturang proyekto na pinunduhan ng *DSWD RO 5 Legazpi City* na pinamumunuan ni *Regional Director* Reina T. Tapispisan.

Ang mga benepisyaryo ng *CSAP* ay ang mga mahihirap na pamilyang naging biktima ng nakaraang pagbaha sa lalawigan. Gagamitin nila ang naturang halaga sa pagbili ng mga materyales para sa konstruksyon ng kani-kanilang bahay alinsunod sa disenyo at pamantayan ng *Department of Social Welfare and Development Regional Office 5 (DSWD RO 5).*

Samantala, matatandaan na ipinanukala ng *Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO)*-San Vicente sa *DSWD RO5* ang naturang proyekto alinsunod sa naunang kaatasan ni Mayor Joseph Stanley G. Alegre.


Itatayo ang bahay ng 18 benepisyaryo mula sa San Vicente sa tig-isang ektaryang lupang ibinigay ng pamilya ni Gng. Fe Gaite-Alegre sa dalawang nabanggit na barangay. Magsisilbi rin itong relokasyon ng mga pamil-yang posibleng mabiktima ng mga kalamidad sa hinaharap.

Samantala, layunin ng naturang proyekto na mapababa ang bilang ng mga pamilyang nawalan ng bahay dahil sa nagdaang kalamidad, gayundin, maiwasan at/o mapababa ang bilang ng biktima sa panahon ng mga kalamidad.

Ito ay sa pamamagitan ng pagkakaloob sa kanila nang matibay na tirahan na makakayang manatiling nakatayo sa pagdating ng bagyo na may lakas ng hangin na *180 kph*, katamtamang lakas ng lindol at iba pang kahalintulad na kalamidad.

Bilang karagdagan, ang mga benepisyaryo ay magsasama-sama at tulung-tulong na gagawin ang kanilang bahay sa pamamagitan ng 'bayanihan'. Pangungunahan naman ng konseho ng mga kaukulang barangay, *MCSA committee* at *NASA* ang pamamahala at pagsubaybay sa implementasyon ng naturang proyektong libreng-pabahay. Magtatalaga rin ng mga komitiba na mangangasiwa sa pagbili at pagtaya sa kalidad ng mga materyales, at iba pa.

Titiyakin naman ng nakatalagang kawani ng *MSWDO* na ang proyekto ay maipatutupad nang maayos alinsunod sa itinakdang panahon. ***LT IBASCO***



# Anibersaryo...

***(Mula sa pahina 5)***

tor.

Noong Abil 25, 1889, si Panganiban ay isa sa mga lumagda sa petisyon na idinulog sa *Spanish Minister of Colonies* na humihiling na magkaroon ng Pilipinong kinatawan sa *Spanish Cortes*.

Habang nasa Espanya, natutuhan niya ang iba't-ibang wikang tulad ng *German, Italian* at *French*, maliban pa sa mga wikang Espanyol at Latin na natutunan niya sa seminaryo ng Nueva Caceres. Naisalin niya sa wikang Espanyol ang aklat ni *German author Carl Julius Weber* na may pamagat na: *Die Religio und Die Religionen (Religion and Other Religions)*.

Gamit ang pamansag na JMP o JOMAPA, isinulat niya ang mga artikulong *El Pensamiento, La Universidad de Manila; Su Plan de Estudio*, at *Los Nuevos Ayuntamientos de Filipinas* na inilimbag sa iba't-ibang edisyon ng La Solidaridad.

Sa *El Pensamiento*, isinulong niya ang karapatan sa malayang pagpapahayag samantalang sa *La Solidaridad* naman ay tinuligsa niya ang sistemang pang-edukasyon ng mga Kastilang opisyal sa Pilipinas.

Nakapagsulat din siya ng ilang tula at maiikling kuwento. Kabilang sa mga tulang isinulat niya ay ang Lupang Tinubuan, *Noches en Mambulao*, Sa Aking Buhay, *Bahia de Mambulao, La Mejerde Oro*, at Amor Mio. Inilathala rin sa La Solidaridad ang dalawang (2) maikling kuwentong isinulat niya, ang Clarita Perez at Kandeng, matapos siyang bawian ng buhay.

Naging aktibo si Panganiban sa *Propaganda Movement* sa kabila ng pagkakaroon ng sakit na tuberkulosis. Sa kakaunting panustos, nagsilbi siya sa samahan sa gitna ng gutom at karamdaman. Noong Hulyo 5, 1890, sumulat siya kay Gat Dr. Jose P. Rizal na humihiling sa huli na ipagpatuloy ang mga pagkilos na kanilang nasimulan at sinabing: ***"Whatever we have already started should be pushed through even at the sacrifice of our lives, our honor, and fortunes."***

Noong Agosto 19, 1890, si JOMAPA ay binawian ng buhay sa kanyang *boarding house* sa *No. 2, Rambla de Canaletas*, Barcelona. Inilibing siya sa *grave no. 2043* sa *Southwest Cemetery* sa Barcelona, Espanya.

Nagluksa ang mga Pilipinong propagandista sa bansang Europa dahil sa pagkamatay ni JOMAPA.

Nagbigay-pugay naman si Rizal kay JOMAPA na ayon sa kanya ay: ***"excellent companion of labor and difficulty ... endowed with uncommon talent, with privileged intelligence, and with indefatigable industry, was one of the sacred, legitimate hopes of his unfortunate country."***

Si Dr. Domingo Abella, isang mahusay na istoryador *(historian)*, ay gumawa ng dakilang paglilingkod sa ating bansa nang hanapin niya ang mga labi ni JOMAPA sa bansang Espanya at dalhin ito pabalik dito sa Pilipinas.

Matatandaan din na noong Disyembre 1, 1934, sa bisa ng *Act No. 4155*, ang bayan ng Mambulao, Camarines-Norte ay pinangalanang Jose Panganiban susog sa kanyang pangalan bilang pagkilala sa kanyang kabayanihan. ***LT IBASCO***

# National Awareness Week...

(Mula sa pahina 10)
*puin; Sama-samang Proteksyon Palakasin".*

Ang nasabing selebrasyon na sinimulan noong Pebrero 8 at nagtapos noong Pebrero 14 ay nakapaloob sa *Personal Safety Advocacy for Child Protection against Sexual Abuse* ó sa adbokasiya sa pansariling pag-iingat para maproteksyonan ang mga kabataan sa pang-aabusong sekswal, para mas mapaigting ang kampanya ng paaralan na mapanatili ang kaligtasan ng mga kabataan mula sa naturang pang-aabuso.

Pinakatampok sa mga aktibidades nito ang iba't-ibang patimpalak na layuning matukoy ang antas ng kamalayan *(level of awareness)* ng kabataan patungkol sa kanilang pansariling pag-iingat laban sa pang-aabusong sekswal.

Isinagawa ito noong Pebrero 10 sa *conference hall* ng *Department of Education Division Office (DepEd DO*) na kinabibilangan ng *extemporaneous speaking, essay writing, poster-making* at *slogan writing contests*.

Ang mga nabanggit na paligsahan ay pawang nilahukan ng tig-iisang kinatawan mula sa mga paaralang sekondarya sa buong lalawigan, pampubliko o pampribado man.

Sa naturang *extemporaneous speaking contest*, naiuwi ni Jorge Anthony G. Recodo ng *Vinzons Pilot High School (VPHS)* ang unang puwesto. Pumangalawa sa kanya si Nolan S. Dani ng Paracale *National High School (PNHS)* at pumangatlo naman si Maria Aster Yanto na kinatawan ng Basud *National High School (BNHS)*.

Ang iba pang nagwaging kalahok sa iba pang paligsahan ay inihayag noong Pebrero 12, 2009 sa *awarding ceremony* kaugnay nito kung saan naging panauhing pandangal si Gen. Yolanda G. Tanigue.

Isinagawa rin sa *DWCN-FM* Radyo ng Bayan ang *radio interview* sa mga opisyal na aktibong nagsusulong ng kampanya laban sa mga pang-aabusong sekswal sa mga kabataan dito. Ito ay kinabibilangan nina G. Conrado A. Rempillo, *Education Supervisor I* ng *Department of Education - Division of Camarines Norte* na kasalukuyang *Personal Safety Lessons (PSL) Division Coordinator*, at; *Community Affairs Officer* Purita P. Briñas, na miyembro rin ng *Provincial Multi-Disciplinary Team* na itinataguyod ng *Center for the Prevention of Child Sexual Abuse* (CPTCSA) at pinangungunahan ng *Department of Education* at ng Pamahalaang Panlalawigan, kaagapay ang iba't ibang kinauukulang ahensya ng pamahalaan.

Nagkaroon din ng isang *motorcade/parade* noong Pebrero 12 sa ganap na ika-7 ng umaga na nagsimula sa *Eco- Athletic Field* at dumaan sa sentro ng Daet at saka bumalik sa Eco *Athletic Field*.

Nakiisa rito ang mga *4th year high school students* mula sa Camarines Norte *National High School (CNNHS)* at Moreno *Integrated School (MIS)*, at ang *drum and lyre corps* (DLCs) ng Alawihao *High School (AHS)* at San Roque *National High School (SRNHS*). Sumama rin sa naturang *motorcade/ parade* ang mga *Public Safety Lessons (PSL) teachers* at pamunuan ng *Philippine National Police (PNP)* Daet.

# CNorte nagtala...

(Mula sa pahina 1)
*(REGATA), Region V.*

Ang naturang parangal ay ipinagkaloob sa gobernador dahil sa natatangi nitong pamumuno na naging daan upang umabot sa P107,290,255.00 ang koleksyon ng pamahalaang panlalawigan mula sa *locally-sourced income* (lokal na kita) nito para sa *CY* 2006.

Bunsod nito, nakuha ng Camarines Norte ang ikalawang puwesto mula sa *top 10 second class provinces* sa bansa base sa *locally source income* o kinita nito mula sa lokal na pinagkakakitaan nito para sa taong 2006. Ito ang nakasaad sa *Statement of Income and Expenditure publication* na una nang ipinalabas ng *BLGF*.

Ipinahayag naman kamakailan ni Gob. Typoco, Jr. na dahil dito, sa mga lalawigan sa Rehiyong Bikol, ang Camarines Norte ang hindi na gaanong aasa o dedepende *(least dependent)* sa *Internal Revenue Allotment (IRA)* na ibinibigay ng pamahalaang nasyonal sa mga pamahalaang lokal sa bansa.

Idinagdag pa ng gobernador na ang mataas na koleksyon ay bunsod na rin ng pinaigting na *tax collection campaign* ng *Provincial Treasurer's Office (PTO)* at *Provincial Assessor's Office (PAssO)*. Kabilang din aniya rito ang patuloy na pagdami ng negosyo at trabaho sa lalawigan, at higit sa lahat, ang pakikiisa ng mga mamamayan na nagbabayad ng karampatang buwis sa pamahalaang panlalawigan.

Samantala, pinagkalooban din ng katulad na *"certificate of achievement"* sina *Provincial Treasurer* Lorna S. Coreses at *Provincial Assessor* Annabel M. Defeo sa nabanggit na *awarding ceremonies.* ***(RBMANLANGIT, PIA CAMARINES NORTE/ LT IBASCO)***

# Ika-149 aniversaryo...

(Mula sa pahina 5)
Sa isang biyahe niya patungong Maynila, inaresto siya ng mga guwardiya sibil at kinasuhan ng pakikipagsabwatan para mapatalsik ang pamahalaang Kastila. Siya ay ikinulong sa Bilibid *Prison* at pinahirapan sa *Fort* Santiago.

Habang nakakulong siya noong Agosto 26, 1896, sumiklab ang rebolusyon sa bansa na tinawag na Sigaw sa Balintawak *(Cry of* Balintawak).

Pinalaya si Lukban noong Agosto 18, 1897 kasama si Juan Luna. Matapos ito, sumama agad siya sa *revoltionary government's armed forces.* Nagsilbi siya rito bilang isa sa mga opisyal ni Heneral Emilio Aguinaldo na siya ring naging unang pangulo ng Pilipinas. Isa rin siya sa mga tumulong kay Aguinaldo sa pagpaplano ng mga gawain at istratehiya sa pakikidigma.

Nang lagdaan ang Kasunduan sa Biak-na-Bato, hiniling ni Aguinaldo na sumama siya sa grupo nito sa paglikas patungong Hong Kong kung saan siya ay nag-aral ng *military science* sa ilalim ni *Lord Commander Joseph Churchase* ng *British Naval Command.*

Matapos maideklara ang kalayaan ng Pilipinas noong 1898, si Lukban ay ibinalik sa Rehiyong Bikol. Dahil sa mga operasyong militar na matagumpay niyang pinamunuan, itinalaga siya bilang *politico-military chief* ng Leyte at Samar.

Sa ilalim ng *Philippine Republic*, iprinoklama niya ang kanyang sarili bilang bagong gobernador ng Samar noong Disyembre 31, 1899.

Matatandaan din na pinamunuan ni Lukban ang *'Balangiga Massacre'* kung saan gamit ang gulok lamang, pinasok ng kanyang grupo ang kampo-militar ng mga Amerikano at napatay ang malaking bilang nito. Dahil dito, kinasuhan siya ng pamahalaang Amerikano. Inalok siya ni dating *U.S. General* Arthur *MacArthur* na bi-bigyan ng amnestiya ngunit tinanggihan niya ito at ipinahayag na lalaban siya hanggang sa huli.

Noong Pebrero 27, 1902, nilusob ng puwersang Amerikano ang kampo nina Heneral Lukban kung saan nahuli ito kasama ang kanyang mga tinyente. Ngunit hindi rito nagtapos ang kanyang paglilingkod sa bayan.

Si Lukban ay nahalal na gobernador ng Tayabas (ngayon ay *Quezon*) noong 1912 at muling nahalal sa katulad na posisyon noong 1916. Siya ay binawian ng buhay sa kanyang tahanan sa Maynila noong Nob-yembre 16, 1916. ***LT IBASCO***

# Pagsasanay ukol...

(Mula sa pahina 10)
sa pagsusulong ng mga aktibidad para palakasin ang turismo sa lalawigan.

Tinalakay sa unang araw ng *seminar-workshop* ang paksang *What is O-peration*: Tunay na Kulturang Pinoy? na pinangunahan ni Dr. Romulo A. delos Reyes ng *Department of Tourism Regional Office 5 (DOT RO5); Festival Planning and Management*, Nilo C. Agustin ng *DOT RO5*, at; *The Roots of Filipino Culture and their Significance in the Filipino Festivals*, Brenda V. Fajardo, *PhD;* PETA.

Tinampukan din ito ng *dance workshop and choreography* na pinangasiwaan ni Rodel Fronda ng *BKE*. Ang mga proseso at istratehiya naman ukol sa *Theater Arts Application* at *Pro-duction Design, Costumes and Props* ay tinalakay ng 2 miyembro ng *PETA* na sina Frank Rivera at Dr. Fajardo, ayon sa pagkakasunod.

Nagkaroon din ng *open forum* kung saan mas nabigyang-linaw ang mga isyu at usapin kaugnay sa mga nabanggit na paksa.

Isinagawa naman sa ikalawang araw ang mga *workshops* susog sa *guidelines* na una nang inilatag ng mga kaukulang tagapagtalakay. Dito rin ipinakita ang mga popular na *Bicolano festivals* partikular na ang *Peñafrancia Festival* ng Naga City na dinarayo ng libu-libong deboto ni Birheng Maria ng Peñafrancia at mga turistang nahihikayat sa makulay na *festival parade* at iba pang gawain.

Sa *workshop sessions*, ang mga kalahok ay hinati sa 5 grupo kung saan ang bawat isa ay pinamunuan ng isang *cultural expert* sa patnubay ng isang *DOT staff*. Layunin nito na makapagbigay ng *re-orientation* ukol sa pagbuo at pagpapaunlad sa kalidad ng mga *cultural festivals* susog sa mga lokal na kasaysayan, *authentic traditions*, awit, sayaw, kasuotan *(costumes), props* at iba pang *festival elements.*

Pinangasiwaan naman ni Dr. Fajardo ang *production design costumes and props*; *dance movements and choreography*, Fronda; *festival planning and management*, Agustin, at; *theater arts*, Rivera.

Inaasahan na sa pamamagitan nito, mas mapapasigla ang industriya ng turismo sa lalawigan dahil sa mga pa-ngunahing kaalaman, kasanayan at impormasyong natutuhan ng mga *tourism frontliners* dito na dumalo sa naturang 2-araw na pagsasanay. ***LT IBASCO***

# National Awareness Week against Child Sexual Abuse



Gen. Yolanda G. Tanigue

Iba't-ibang aktibidad ang isinagawa kaugnay sa pagdiriwang dito ng *National Awareness Week against Child Sexual Abuse* na binibigyang-diin ang paksang: "*Pang-aabusong Sekswal sa Kabataan, Sug-*

(Sundan sa pahina 9)





BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

PROVINCE OF CAMARINES NORTE
OFFICIAL SEAL

TAON 8, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO 2009
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

# Pagsasanay ukol sa mga gawaing panturismo isinagawa sa lalawigan



Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

Ang pagpapaunlad sa industriya ng turismo sa lalawigan ay isa sa mga prayoridad ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Jesus "Atoy" O. Typoco, Jr.

Ipinahayag din kamakailan ng gobernador na kapag maunlad ang turismo, mas malaki ang tsansang umunlad ang isang lugar, partikular na ang ating lalawigan. Nagbubukas ito ng oportunidad sa pagtatayo ng iba't-ibang negosyo, hanapbuhay at karagdagang kita sa mga mamamayan, gayundin ang pagtaas ng koleksyon sa buwis.

Kaugnay nito, itinaguyod kamakailan ng pamahalaang panlalawigan ang 2-araw na *seminar-workshop* na tinawag na "Tunay na Piyestang Pinoy" (*Operation:* Tunay na Kulturang Pinoy) na nakatuon sa kaisipang, **A**ng **T**urismo ay **O**portunidad at **Y**aman ng Camarines Norte.

Ito ay dinaluhan ng mga kinatawan mula sa iba't-ibang pamahalaang bayan, pambansang ahensya at pribadong sektor sa lalawigan na nangunguna *(frontliners)*

(Sundan sa pahina 9)






*Itaas na larawan: Mga kasapi ng Proincial Multi-Disciplinary Team ng CPTCSA na pinangunahan ni ESP1 Conrado Rempillo (dulong kanan), ang mga miyembro nito at ang mga hurado na sina Gng. Purita Briñas at Ret. Capt. Flor Mirasol, kasama ang mga nagsipagwagi sa extemporaneous speaking contest at ang kani-kaniyang mga coaches.*

*Larawan sa kaliwa: Ang seminar workshop sa pagpapaunlad ng turismo dito na pinangunahan ni Prov'l Tourism Officer Designate Edgardo "Boy" Reyes.*